# Kung Ano Ang Kailangan Ninyong Malaman Tungkol Sa Inyong Gamot para sa Wala pang Sintomas na Impeksiyon ng Tuberkulosis (Latent Tuberculosis Infection, TB)

## RIFAMPIN

Binigyan kayo ng gamot upang gamutin ang inyong wala pang sintomas na impeksiyon ng TB. Wala kayong sakit na TB at hindi makakahawa ng TB sa ibang tao. Makatutulong ang gamot na ito para **MAPIGILAN** ang pagkakaroon ninyo ng aktibong sakit na TB.

### Habang iniinom ang Gamot na ito:

- Sabihin sa inyong doktor o nars kung may mga tanong o inaalala kayo ukol sa gamot.
- Pumunta sa mga planong pagbisita sa klinika.
- Talakayin sa doktor ang anumang pag-inom ng alak. Posibleng magkaroon ng iba pang epekto sa inyo ang pag-inom ng alak.
- Sabihin sa inyong doktor ang tungkol sa iba pang gamot na iniinom ninyo.
- Siguraduhing masasabi ninyo sa iba pa ninyong doktor na ginagamot kayo para sa wala pang sintomas na impeksiyon ng TB.
- Inumin ang lahat ng inyong gamot sa paraang itinuro ng doktor o nars para sa TB.
- Para sa ibang tao, mas kaunti ang masamang epekto sa kanila ng gamot kapag iniinom nang may kasamang pagkain.

### Mga Payo sa Pag-Inom ng Inyong Gamot:

- ✓ Inumin ninyo ang gamot sa parehong oras araw-araw.
- ✓ Gumamit kayo ng alarm para mapaalalahanan kayo ng oras ng pag-inom ng gamot.
- ✓ Hilingin sa kapamilya o kaibigan na paalalahanan kayo.
- ✓ Gumamit ng lalagyang pantabletas.
- ✓ Magdikit ng note sa inyong salamin o refrigerator para mapaalalahanan kayo.
- ✓ Gumamit ng kalendaryo para markahan ang araw ng pag-inom ng inyong gamot.

### Iskedyul ng Pag-inom ng Gamot para sa Walang Sintomas na Impeksiyon ng TB:

(Mga Provider o Tagabigay ng Serbisyo: Isulat ang tamang dami ng tabletas)

| Gamot | Iskedyul | Bilang ng tabletas kada araw | Tagal ng panahon |
|---|---|---|---|
| Rifampin | Araw-araw | | 4 buwan |

Posibleng hilingin ng inyong doktor na makipagkita kayo sa health care worker (tagapangalaga ng kalusugan) para makainom ng gamot.
Ang planong ito ay tinatawag na terapiya sa pamamagitan ng direktang obserbasyon (directly observed therapy, DOT).

**KAPAG NAKALIMUTAN NINYONG UMINOM NG GAMOT: Kung sa araw ding iyon kayo nakalimot, inumin ang dose ng gamot sa sandaling matandaan ninyo ito. Huwag pagsabayin ang 2 dose ng gamot.**

| TANDAAN |
|---|
| Pangalan ng aking doktor:<br>Pangalan ng aking klinika:<br>Numero ng telepono ng aking kilinika: |




### Bantayan kung magkakaroon ng mga Posibleng Problemang ito:

**HUMINTO** agad sa pag-inom ng gamot **AT** tawagan ang iyong doktor o nars para sa TB kapag nagkaroon kayo ng alinman sa mga problema na nasa ibaba:

- Nabawasan na ang gana, o walang gana sa pagkain
- Pananakit ng tiyan o problema sa tiyan na nagdudulot ng pagsusuka o pananakit
- Pagduduwal o pagsusuka
- Kulay cola o tsaa ang ihi o kakaunti ang dumi
- Madaling nagkakapasa o agad na nagkakaroon ng pagdurugo
- May pantal o pangangati
- Paninilaw ng balat o mga mata
- Labis na panghihina o pagkapagod
- Lagnat
- Sakit sa ulo o katawan
- Pagkahilo

**TANDAAN:** Normal na maging kulay orange ang inyong ihi, laway, o mga luha. Posibleng mamantsahan ang malalambot na contact lenses.

Galing ang impormasyon sa Centers for Disease Control and Prevention Division of Tuberculosis Elimination
Pinopondohan ang SNTC ng Centers for Disease Control and Prevention sa pamamagitan ng cooperative agreement #U52PS004089
Published 2017 – Filipino
Southeastern National Tuberculosis Center
UF UNIVERSITY of FLORIDA